

# Mga Espesyalista sa FEMA sa Mga Komunidad sa Florida

---

Release Date: Oktubre 14, 2024

**TALLAHASSEE, Florida.** - Ang mga tauhan ng FEMA Disaster Survivor Assistance (DSA) ay magtatrabaho sa mga kapitbahayan ng Florida na tutulong sa mga tao para sa tulong sa FEMA pagkatapos ng mga Hurricane Milton at Helene.

Ang mga dalubhasa sa DSA ay may dalang pederal na pagkakakilanlan. Pupunta sila sa bawat bahay ng mga apektadong kapitbahayan upang matulungan ang mga tao na mag-apply para sa tulong pederal, suriin ang katayuan ng isang aplikasyon, kilalanin ang mga potensyal na pangangailangan at gumawa ng mga koneksyon sa mga organisasyon na maaaring magbigay ng mga mapagkukunan. Hindi kailanman humihingi, o tumatanggap ng pera ang mga tauhan ng DSA.

## Paano Mag-apply

Hinihikayat ang mga may-ari ng bahay at nagrerenta na mag-apply para sa tulong sa FEMA. [Ang pinakamabilis na paraan upang mag-apply ay online sa DisasterAssistance.gov o sa pamamagitan ng paggamit ng FEMA App.](#) Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono sa **800- 621-3362**. Dinagdagan ng FEMA ang staff sa mga call center ngunit maaaring mas mahaba ang oras ng paghihintay dahil sa pagtaas ng dami ng tawag para sa maraming mga kamakailang sakuna. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para sa isang naa-access na video tungkol sa kung paano mag-apply para sa tulong pumunta sa [FEMA Accessible: Application for Individual Assistance - YouTube](#).

Kung nag-apply ka sa FEMA pagkatapos ng Hurricanes Helene o Debby at may karagdagang pinsala mula sa Hurricane Milton, kakailanganin mong mag-apply nang hiwalay para sa Milton at ibigay ang mga petsa ng iyong pinakabagong



**FEMA**

Page 1 of 2

pinsala.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi sa Hurricane Milton, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4834](https://fema.gov/disaster/4834). Sundin ang FEMA sa X sa [x.com/femaregion4](https://x.com/femaregion4) o sa Facebook sa [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).



**FEMA**